# Ano ang SAITAMA DOKEN
## (Unyon ng Manggagawa sa Konstruksyon sa Saitama)

Itinatag noong 1971 ang SAITAMA DOKEN Ippan Rodo Kumiai (SAITAMA DOKEN). 50 taon na ang nakalipas mula nang binuo ang unyon at sa kasalukuyan, mayroon itong higit sa 67,000 na miyembro at ito ang pinakamalaking unyon ng manggagawa sa konstruksyon sa Saitama Prefecture.

Para sa mga katanungan ukol sa trabaho at pamumuhay, mangyaring kumonsulta sa SAITAMA DOKEN.

## 4,600 JPY ang butaw sa unyon bawa't buwan

Bilang karagdagan sa nabanggit na halaga sa itaas, ang bawat sangay ay nangongolekta ng mga bayarin sa pagpapanatili ng tanggapan hanggang sa 400 yen bawat buwan.

**Maraming proteksyon para sa mga di-inaasahang pangyayari tulad ng sakit at pagtigil sa trabaho dahil nasugatan!**

Makakatanggap ng suportang pinansyal kapag tumigil sa trabaho dahil nagkasakit o nasugatan. Sa partikular, ang pagbibigay ng benepisyo habang nagpapagaling ng sakit sa bahay ay natatangi sa sistema ng unyon ng manggagawa para sa konstruksyon, at wala sa pribadong insurance.
Marami ding mga sistema ng pagbibigay ng regalong pinansyal bilang pagbati sa masasayang pangyayari tulad ng kasal, pagsilang ng anak, at pagtatapos ng pag-aaral atbp.! Maraming ring kaakit-akit na benepisyo para sa mga kabataang kasamahan!



## Mayroon ka bang problema sa iyong pagsasanay (training) sa konstruksyon?

Makikinig ang SAITAMA DOKEN sa iyong problema sa pinagtatrabahuhan, sasamahan kang mag-isip upang masolusyonan ito, at magiging kakampi mo kami.

May problema ka ba dahil biglaan kang sinabihan ng iyong kumpanya na "Hindi na maitutuloy ang iyong training" o "Mangyaring lumipat ka sa kumpanyang nagsasagawa ng training sa agrikultura"?

May problema ka ba dahil natigil ang konstruksyon sa iyong pinagtatrabahuhang lugar? Pinapagawa ba sa iyo ang ibang trabahong hindi akma sa training para sa konstruksyon?

Nangyari ba sa iyo ito? Hindi ko natanggap ang sahod ko. Nakaranas ako ng karahasan. Tinanggal ako sa trabaho. Nasugatan ako, ngunit walang binayad na kompensasyon sa akin.

Biglaan akong pinaalis sa trabaho nang walang dahilan.

### Susuportahan namin ang iyong kalusugan
# DOKEN KOKUHO
(National Health Insurance para sa Konstruksyon)

**Ang insurance premium ay 9,000 JPY**

Nakakabagabag kapag na-ospital o natigil sa pagtatrabaho nang dahil sa sakit. Mayroong sistema ang DOKEN KOKUHO (National Health Insurance para sa Konstruksyon) upang suportahan ka sa oras ng kagipitan.

**Kapag na-ospital**

- Ibabalik ang binayad sa pagpapagamot kapag na-ospital
- Sistema para mabawasan ang bayarin sa ospital

**Kapag tumigil sa pagtatrabaho nang dahil sa sugat o sakit**

- Makakatanggap ng hanggang 180 araw ng benepisyo kapag may sakit o kapansanan

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng SAITAMA DOKEN KOKUHO

*Maraming ding kaakit-akit na benepisyo para sa mga kasamahang foreign trainees!*

## Benepisyo na 5,000 JPY para sa bawa't araw na na-ospital

# SOGO KYOSAI
## (Pangkalahatang Pagtutulungan)

Ang SOGO KYOSAI ay aktibidad ng unyon upang tulungan ang isa't isa. Para sa aplikasyon, kinakailangan ang inspeksyon ng iyong mga kasamahan sa grupo at ng iyong pinagtatrabahuhang division. Sa pagsumite ng aplikasyon, hinihiling na makilahok ka o ang iyong kapamilya sa pagpupulong at inspeksyon ng mga kasamahan sa grupo.

### Maaaring makatanggap ng benepisyo mula sa susunod na buwan matapos maging miyembro ng unyon

Kapag bago kang miyembro, maaari kang makatanggap ng benepisyo mula sa susunod na buwan ng pagsali (buwan na naging kwalipikado bilang opisyal na miyembro ng unyon). Gayunpaman, hindi kasama rito ang mga sakit o kapansanang dinadala bago pa naging miyembro, at mga "kronikong karamdaman" (na itinakda ng unyon) na lumabas sa loob ng 6 na buwan mula naging miyembro.




### ●Ukol sa SOGO KYOSAI　Rebisyon ng ika-1 ng Hunyo, 2020

| Klasipikasyon ng Benepisyo | Nilalaman ng Benepisyo | | Halaga ng Bayad ng Benepisyo<br>Tipo A | |
|---|---|---|---|---|
| Benepisyo Kapag Nagkasakit | Pagpapaospital | | **5,000** JPY bawa't araw | "Hanggang 180 araw ng benepisyo Pagkatapos ng 5 taon dagdag na 60 araw" |
| | Pagpapatingin sa Ospital/Pagpapagaling sa Bahay | | **2,500** JPY bawa't araw | |
| Benepisyo para sa Sugat/ Partikular na Sakit o Pinsala | Pagpapaospital | | **2,000** JPY bawa't araw | "Hanggang 180 araw ng benepisyo Pagkatapos ng 5 taon dagdag na 60 araw" |
| | Aktuwal na Pagpapatingin sa Ospital | | **2,000** JPY bawa't araw | |
| Benepisyo para sa Sakit o Sugat na Nakuha sa Trabaho | Pagpapaospital | | **1,000** JPY bawa't araw | "Hanggang 150 araw ng benepisyo Pagkatapos ng 5 taon dagdag na 60 araw" |
| | Aktuwal na Pagpapatingin sa Ospital | | **1,000** JPY bawa't araw | |
| Benepisyo para sa Aksidente Habang Ginagawa ang Aktibidad ng Unyon (Pagpapaospital/Pagpapatingin sa Ospital/Pagpapagaling sa Bahay) | Mismong Miyembro ng Unyon | Pagpapaospital | **3,000** JPY bawa't araw | |
| | | Pagpapatingin sa Ospital/Pagpapagaling sa Bahay | **2,500** JPY bawa't araw | |
| | | Bilang  ng Araw ng Benepisyo | Mula sa unang araw hanggang 180 araw | |
| Benepisyo para sa Aksidente Habang Ginagawa ang Aktibidad ng Unyon (Pagkamatay) | Mismong Miyembro ng Unyon | Pagkamatay o Pagkabaldado | **3,000,000** JPY | |
| | | Kapansanan (Antas 1-14) | **40,000 - 3,000,000** JPY | |
| Abuloy para sa Pagkamatay | Mismong Miyembro ng Unyon | Sakit/Nagpakamatay | **1,000,000** JPY + alay | |
| | | Aksidente | **2,000,000** JPY + alay | |
| | Asawa | Asawa ng mismong miyembro ng unyon | **50,000** JPY + alay | |
| | Pamilya | Kamag-anak sa dugo o sa asawa na kasama sa bahay Pagkamatay ng ama o ina o ng biyenang lalaki o babae na nakatira sa ibang bahay | **10,000** JPY | |
| Malubhang Kapansanan ng Miyembro | Kapag nagkaroon ang miyembro ng unyon ng malubhang kapansanan na itinuturing na katumbas ng pagkamatay dulot ng sakit (Antas 1-2 at 2.3.4 ng Antas 3) | | **1,000,000** JPY | |
| | Kamag-anak sa dugo o sa asawa na kasama sa bahay Pagkamatay ng ama o ina o ng biyenang lalaki o babae na nakatira sa ibang bahay | | **2,000,000** JPY | |
| Benepisyo para sa Kapansanan | Kapag nagkaroon ang miyembro ng unyon ng kapansanang pisikal na direktang dulot ng di-inaasahang aksidente o impeksyon | | **40,000 - 900,000** JPY | |
| Regalong Pinansyal para sa Kasal | Kapag legal na nagpakasal ang miyembro ng unyon | | **30,000** JPY | |
| Regalong Pinansyal para sa Panganganak | Kapag may isinilang na anak sa pagitan ng miyembro ng unyon at ng kanyang asawa | | **20,000** JPY | |
| Regalong Pinansyal para sa Pagpasok sa Paaralan | Kapag pumasok sa paaralang elementarya ang anak ng miyembro ng unyon | | **10,000** JPY | |
| | Kapag pumasok sa junior high school ang anak ng miyembro ng unyon | | Souvenir na regalong may halagang humigit-kumulang **5,000** JPY | |
| Regalong Pinansyal para sa Pagtatapos ng Junior High School | Kapag nagtapos ng junior high school ang anak ng miyembro ng unyon | | | |
| Regalong Pinansyal para sa Pagtuntong sa Hustong Gulang | Kapag sumapit sa 20 taong gulang ang miyembro ng unyon | | **20,000** JPY | |
| Tulong pinansyal para sa pagsumite ng aplikasyon para sa mga pinsala atbp. na nauugnay sa trabaho at sakit gaya ng pneumoconiosis at sakit dulot ng paglanghap ng alikabok o asbestos | Kapag nagsumite ang miyembro ng unyon ng aplikasyon ayon sa Ishiwata Kenko Higai Kyusai Seido (Sistema ng Tulong Pangkalusugan para sa Pinsalang Dulot ng Asbestos) para sa mga sakit gaya ng pneumoconiosis at sakit na nauugnay sa paglanghap ng alikabok o asbestos | | **50,000** JPY | |
| Regalong Pinansyal para sa Pagkuha ng Kwalipikasyon-Premium | Kapag inaral at tinapos ng miyembro ng unyon ang espesyal na edukasyon/ teknikal na pagsasanay sa Saitama Doken Gijutsu Kenshu Center o sa institusyon na itinalaga ng Saitama Doken Gijutsu Kenshu Center | | Buong halaga ng matrikula | |
| Regalong Pinansyal sa Pagkuha ng Kwalipikasyon-Special | Kapag inaral at tinapos ng miyembro ng unyon ang edukasyon ukol sa pag-iwas sa aksidente/pagiging tagapamahala ng operasyon sa Saitama Doken Gijutsu Kenshu Center o sa institusyon na itinalaga ng Saitama Doken Gijutsu Kenshu Center | | Humigit-kumulang sa kalahati ng halaga ng matrikula | |
| Regalong Pinansyal sa Pagkuha ng Kwalipikasyon-Classic | Kapag nakuha ng miyembro ng unyon ang kwalipikasyon na itinalaga ng unyon | | **20,000** JPY | |
| Tulong Pinansyal para sa Sakuna sa Bahay | Pagkasunog ng buong bahay | 70% o higit pa ang pinsala | **150,000** JPY | |
| | Pagkasunog ng kalahati ng bahay | 20% o higit pa ang pinsala | **75,000** JPY | |
| | Pagkasunog sa parte ng bahay | Mas mababa sa 20% ang pinsala | **30,000** JPY | |

Paunawa) Hindi maaaring pagsamahin ang abuloy sa pagkamatay o malubhang kapansanan ng mismong miyembro sa kompensasyon para sa pagkamatay o pinsala dulot ng aksidente habang ginagawa ang aktibidad ng unyon.
Paunawa) Para sa Regalong Pinansyal sa Pagkuha ng Kwalipikasyon-Classic, mangyaring tingnan ang pamphlet ng unyon o makipag-ugnayan sa opisina ng aming branch.
Paunawa) Mag-iiba ang nilalaman ng insurance para sa mga taong 60 taong gulang o higit pa

Sistema ng Bayad sa Pagreretiro para sa mga Manggagawa na nasa Konstruksyon

# KENSETUGYOU (KENTAIKYO) TAISHOKUKIN SEIDO




Naaakma lamang ito para sa manggagawang nasa lugar ng konstruksyon

Huwang mag-atubiling magtanong ukol sa KENTAIKYO

## Gumawa ng KENTAIKYO TECHOU!!

### Ano ang KENTAIKYO

Ang Kentaikyo ay sistema ng bayad sa pagreretiro na nilikha ng gobyerno para sa mga nagtatrabaho sa industriya ng konstruksyon. Sa sistemang ito, ang kumpanyang kinontrata para sa mga proyektong pampubliko ay magdidikit ng sertipikadong selyo sa TECHOU para sa bawa't araw na nagtrabaho (1 araw=310 JPY). Makakatanggap ng bayad sa pagreretiro ayon sa bilang ng selyo. 3% ang yield sa pamumuhunan.

### Paano magpadikit ng sertipikadong selyo sa pinagtatrabahuhan

Hihilingin ito sa kumpanyang kinontra para sa mga proyektong pampubliko sa pamamagitan ng may-ari ng kumpanya. Dumarami din ang mga kumpanyang nagdidikit ng sertipikadong selyo kahit sa mga pribadong konstruksyon kung hihilingin ito.




| "Bilang ng taon ng pagbayad ng installment (bilang ng buwan)" | Halaga ng bayad sa pagreretiro |
|---|---|
| 2 taon (24 buwan) | 188,000 JPY |
| 5 taon (60 buwan) | 503,000 JPY |

(Maaaring magkaroon ng pagbabago dito sa hinaharap. Ang pinapakita sa chart ay base sa pagdikit ng 25 na araw ng sertipikadong selyo sa 1 buwan).

Mas maraming pakinabang dahil kapag naging bagong miyembro, bibigyan ka ng gobyerno ng libreng 50 na araw ng sertipikadong selyo.

Proteksyon mula sa di-inaasahang aksidente sa bisikleta



Malaking kompensasyon sa murang halaga para sa mga miyembro ng unyon

# Insurance para sa Bisikleta ng SAITAMA DOKEN SAIKURUN

Magbibigay kompensasyon hindi lamang para sa pinsala dulot ng aksidente sa pagbibisikleta at bayad-pinsala para sa taong naaksidente, ngunit pati na rin para sa mga panganib sa pang-araw-araw na pamumuhay at aksidente sa trapiko. Nirerekomenda ito para sa mga taong gumagamit ng bisikleta para pumasok sa trabaho o eskuwela, para lumabas papunta sa kapitbahay o para mamili.

Ang Insurance para sa Bisikleta ng Saikurun ay isang set ng produktong binubuo ng 2 klase ng insurance: ang Comprehensive Insurance para sa Bisikleta (para sa mga aksidente sa bisikleta sa loob ng Japan) at Comprehensive Insurance para sa Pinsala (tipo para sa pinsala mula sa trapiko) (para sa aksidente sa trapiko atbp. sa loob at labas ng Japan) (panganib ng pinsala sa trapiko lamang ang kasama sa set ng kompensasyong espesyal).

## Tipong pang-personal — Premium sa 1 taon: 2,500 JPY

(Insurance period: 1 taon, diskuwento ng grupo: 15%, isahang bayad) ※kasama dito ang 400 JPY para sa gastusin sa pananatili ng sistema

### Kapag nagkaroon ka ng aksidente sa bisikleta sa loob ng Japan (kompensasyon sa pagkasugat)

| | | Mismong Miyembro ng Unyon |
|---|---|---|
| Halaga ng Insurance | Pagkamatay/Naiwang Kapansanan | 2,600,000 JPY |
| | Benepisyo sa bawa't araw na nakapasok sa ospital | 5,000 JPY |
| | Benepisyo sa bawa't araw na nagpapatingin sa ospital | 1,000 JPY |

Ito ang kabuuang halaga ng Comprehensive Insurance para sa Bisikleta at Comprehensive Insurance para sa Pinsala

### Halaga ng Insurance

| | | |
|---|---|---|
| Halaga ng Insurance | Personal na Bayad-Pinsala | 300,000,000 JPY <kasama ang pag-aareglo sa labas ng hukuman (para sa loob lamang ng Japan)> |

※ Para sa aksidente sa bisikleta sa loob ng Japan, babayaran ng insurance ang kabuuang halaga ng Comprehensive Insurance para sa Bisikleta at Comprehensive Insurance para sa Pinsala. Para sa aksidente sa trapiko maliban sa aksidente sa bisikleta sa loob o labas ng Japan, babayaran lamang ang insurance mula sa Comprehensive Insurance para sa Pinsala (tipo para sa pinsala mula sa trapiko).

※Isang insurance lamang ang maaaring kunin ng bawa't taong naka-insure.

*Mula sa babayarang premium (2,500 JPY), pupunta ang 2,100 JPY sa Sompo Japan Insurance Inc. at pupunta naman ang 400 JPY sa Doken Kyosaikai para sa gastusin sa pagpapanatili ng sistema.

(Paunawa) Ang gastusin sa pagpapanatili ng sistema ay ang mga gastusin para sa mga bayarin na kinakailangan para patakbuhin ang sistema ng insurance (tulad ng bayad sa pagpapadala ng sertipiko ng insurance atbp.).

## ●Makakapili ng Iba't Ibang Tipo ng Kompensasyon

Tipo para sa Bayad-Pinsala

Premium sa 1 taon: 1,700 JPY makakapili rin nito

※kasama dito ang 400 JPY para sa gastusin sa pananatili ng sistema

## ●Paano kumuha nito

Para maging bagong miyembro ng insurance o para palitan ang tipo ng iyong insurance, mangyaring isumite sa opisina ng aming branch ang application form, premium, at application form para sa direct debit sa bangko (para sa susunod na piskal na taon).

Maraming magagandang benepisyo para sa lahat mula bata hanggang matanda

# DOKEN CARD

**Magagamit ng miyembro ng unyon ng SAITAMA DOKEN at ng kanyang pamilya ang DOKEN CARD!**




● Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang aming website

DOKEN CARD | Hanapin

Para sa may smartphone o tablet ▶

## Magagamit ito sa 3,000 kaugnay na pasilidad sa buong bansa!

Makakatanggap ng serbisyo sa humigit-kumulang 3,000 lokasyon sa buong bansa tulad ng diskuwento sa gasolina sa Ihashi Energy, lugar ng paglilibang, pasilidad na matutuluyan, atbp.

### Mapapakinabangan!

- Gasoline stand　IHASHI ENERGY
- Japanese Pub　Monteroza Izakaya Chain
- Buddhist Altar　Obutsudan no Hasegawa
- Lipat Bahay　Art Hikkoshi Center
- Tindahan ng damit　Youfuku no Aoyama

### Para sa Libangan!

- Amusement Park　Fuji-Q HighLand
- Amusement Park　Sagamiko Resort Pleasure Forest
- Zoo　Tobu Zoo
- Aquarium　Kamogawa Sea World
- Amusement Park　Nasu Highland Park
- Theme Park　Nasu Rindoh-ko Lakeview
- Aquarium　Izu Mito Sea Paradise
- Manakami Hodaigi Camping Ground
- Hotaka Bokujo Camping Ground
- Water Park　Joetsu Kokusai Playland
- Karaoke　Karaokekan

### Para sa Bahay-Tuluyan!

- Kamogawa Grand Hotel
- Onsen　Izu Ajiro Onsen Shofuen
- Hotel Maholova Minds Miura
- Hotel Sporea Yuzawa
- Hotel Towa Pure Cottages
- Hotel Taiyou no Sato Group

### Para sa Sports!

- GALA Yuzawa Snow Resort
- Joetsu Kokusai Ski Resort
- Iwappara Ski Resort
- Hodaigi Ski Resort
- Oguna Hotaka Ski Resort
- Rennaisance Sports Club

## Magagamit ito sa humigit-kumulang 900 establisimyentong nakarehistro!

Maraming mga serbisyong matatanggap sa loob ng Saitama Prefecture, hikayatin ang mga kasamahan pumunta sa mga kainan at inuman, hair salon, at iba pang klase ng mga establisimyentong naka-rehistro at makatanggap ng iba't ibang mga serbisyo.

